# Mga Katanungan ukol sa Foster Parenting
# (Gifu Prefecture Child and Family Division)

**＜Q1＞**
**Ano ang foster parenting?**

**＜A1＞**

Ang pag-kupkop at pag-aalaga bilang kapamilya sa mga batang kinakailangang mamuhay ng malayo sa piling ng sariling magulang sa kadahilanan tulad ng pang-aabuso o kaya pagkakasakit ng magulang ay tinatawag na foster parenting.。

**＜Q2＞**
**Ano ang nararapat kong gawin upang maging foster parent?**

**＜A2＞**

Maliban sa pagdalaw at pagsasagawa ng pagsusuri sa inyong pamamahay, may mga foster parents din na kinakailangan ang pagpapaliwanag sa sistema ng foster parenting at pagsasanay rito. Para sa mga detalye, mangyari lamang ay sumangguni sa pinakamalapit na tanggapan ng Children's Counseling Center.

| Pangalan | Address | Telepono |
|---|---|---|
| Chuo Children's Counseling Center Family Support Division | Gifu-shi Sagiyama mukai 2563-79 | 058-201-2111 |
| Seino Children's Counseling Center Family Support Division | Ōgaki-shi Nogino Mori-chō 5-1458-10 | 0584-78-4838 |
| Chūnō Children's Counseling Center Family Support Division | Minokamo-shi Kobi-chō Shimokobi 2610-1 | 0574-25-3111 |
| Tō nō Children's Counseling Center Family Support Division | Tajimi-shi Ueno-chō 5-68-1 | 0572-23-1111 |
| Hida Children's Counseling Center Family Support Division | Takayama-shi Chishima-chō 35-2 | 0577-32-0594 |

**＜Q3＞**
**Ano ang iba`t ibang uri ng foster parenting?**

**＜A3＞**

Ang pag-aalaga sa bata hanggang sa kaya na itong alagaan ng totoong magulang, (Foster Parenting), pag-aampon (adoption), at ang pagpapa-alaga o pagpapa-aruga sa loob ng ikatlong antas na kamag-anak ng bata(Family Foster) ay ang tatlong uri ng foster parenting.

**＜Q4＞**

**Maaari bang maging foster parent o di kaya`y mag-ampon ang isang mag-asawang dayuhan? Maaari bang maging foster parent kahit na mayroon kang sariling anak?**

**＜A4＞**

Ang mag-asawang dayuhan ay maaaring maging foster parent subalit mayroong mga kondisyon para rito, para sa detalye mangyari lamang na sumangguni sa pinakamalapit na Children Consultation Center . Maaari ding maging foster parent kahit mayroong sariling anak

**＜Q5＞**

**Sa oras na mabigyan ng pagkilala bilang foster parent, anong uri ng pagsusuri ang isasagawa?**

**＜A5＞**

Magsusuri kami tungkol sa kalagayan ng kinikita ng foster parent, katayuan ng pamilya at kalagayan ng kalusugan , katayuan ng tinitirahan, pananaw sa pagiging magulang ng bata, atbp.

**＜Q6＞**

**Sa kaso ng pag-aampon, ano ang mangyayari sa nasyonalidad ng bata?**

**＜A6＞**

Tungkol sa nasyonalidad ng bata, nag-iiba ito ayon sa pambansang batas na umiiral sa bansa ng foster parent at ng bata. Para sa detalye, mangyaring magtanong lamang sa Embahada, Konsulado ng bawat bansa.